Para sa mga magulang ng mga batang papasok Elementary School sa Lungsod ng Kyoto
sa taong 2026 (School Year)

Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto

# Abiso Tungkol sa Sistema ng Shūgaku Enjo (Tulong sa Pag-aaral)

## — Tungkol sa maagang pagbibigay ng “Bayarin sa Bagong Taon para sa Kagamitan sa Pag-aaral bago mag-enrol —

Ang Lungsod ng Kyoto ay may itinatag na “Sistema ng Tulong-Pinansyal sa Pag-aaral” para sa mga magulang na nahaharap sa kahirapang pinansyal. Sa ilalim ng programang ito, nagbibigay ng tulong para sa mga gastusin sa gamit-pampaaralan, bayad sa pagkain sa paaralan, at iba pa. Upang maaprubahan, isasagawa ang pagsusuri kung ang kabuuang kita ng sambahayan para sa taong 2024 ay mas mababa kaysa sa itinakdang pamantayan ng kita sa talahanayan sa ibaba. Kung pasok sa pamantayan, kikilalanin ang karapat-dapat na aplikante at pagkakalooban ng “Tulong sa Gamit ng Bagong Mag-aaral” bago ang pagpasok sa paaralan.

Maaaring magsumite ng aplikasyon kahit pagkatapos ng pagpasok sa paaralan, ngunit ang pagbibigay ng “Tulong sa Gamit ng Bagong Mag-aaral” ay magsisimula sa Mayo.

Ang mga form ng aplikasyon ay ipinamamahagi sa mga pampublikong elementarya. Maaari rin itong i-print mula sa website ng Lungsod ng Kyoto para sa tulong-pinansyal sa pag-aaral. Ang account para sa pagtanggap ng tulong ay kailangang kapareho ng “rehistradong account para sa school deposits.” **Mangyaring kumpirmahin sa paaralan ang itinalagang bangko, at isumite ang mga dokumento sa paaralang papasukan bago o sa Nobyembre 17, 2025 (Lunes).**

※Ang school deposit ay tumutukoy sa perang ipinagkakatiwala ng mga magulang sa paaralan, na ginagamit para sa mga gamit-pampaaralan, gastusin sa educational trip, at iba pang pangangailangan sa paaralan.

**Tulong sa Gamit ng Bagong Mag-aaral**

**・Halaga ng tulong: ¥57,060 (para sa taong 2025)**

**・Petsa ng pagbibigay: Inaasahang sa simula hanggang kalagitnaang bahagi ng Marso**

Para sa detalye

＜Karaniwang pagsusuri ng kita＞

**Pamantayan ng Kita** Yunit: (yen)

| Bilang ng Miyembro sa Sambahayan | 2 katao | 3 katao | 4 na katao | 5 katao | 6 na katao | 7 katao pataas |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Pamantayan ng Kita | 1,820,200 | 2,331,200 | 2,792,700 | 3,219,200 | 3,573,600 | Dagdag 354,400 |

※Mangyaring sumangguni sa “Halaga ng Kita Pagkatapos ng Bawas sa Kita mula sa Sahod” na nakasaad sa iyong withholding tax slip, o sa “Kabuuang Halaga ng Kita” na nakatala sa iyong income tax return.

※Ang bilang ng miyembro ng sambahayan ay tumutukoy sa mga taong nasa iisang kabuhayan kasama ang aplikante. Kasama rito ang lahat ng aktwal na nakatira sa parehong tirahan (kabilang ang mga nakahiwalay sa residenteng talaan ngunit nakatira sa parehong bahay o sa hiwalay na gusali sa parehong address).

Kasama rin ang mga magulang na hiwalay ng tirahan dahil sa solo assignment o iba pang dahilan, basta may umiiral na ugnayang mag-asawa, bilang bahagi ng iisang kabuhayan.Gayunpaman, para sa mga sambahayang may dalawang pamilya sa isang bahay, o kung may magulang na hiwalay ng tirahan dahil sa proseso ng diborsyo o negosasyon, maaaring ituring na hiwalay na sambahayan kung makapagsumite ng hinihiling na dokumento. Mangyaring kumonsulta sa paaralan kung saklaw ka ng ganitong sitwasyon.

※Ang pamantayan ng kita ay para sa taong 2025. Kung magkakaroon ng pagbabago, ito ay iaanunsyo sa website ng tulong-pinansyal sa pag-aaral.

Kung sakaling kabilang ka sa alinman sa sumusunod na (1) o (2), hindi ka saklaw ng "Tulong sa Gamit ng Bagong Mag-aaral," kaya't huwag magsumite ng aplikasyon bago ang pas

Kung sakaling makatanggap ng tulong, kinakailangang isauli ito.

(1) Mga tumatanggap ng katulad na tulong mula sa ibang sistema (hal. tulong sa paghahanda sa pagpasok mula sa sistema ng pantawid-buhay, tulong mula sa mga foster parent tulong sa paghahanda sa pagpasok mula sa mga pasilidad para sa mga ina at anak)

(2) Mga hindi papasok sa pampublikong elementarya ng Lungsod ng Kyoto dahil sa pagpasok sa pribado, pambansa, o paaralang may espesyal na suporta, o dahil sa paglipat sa lungsod

＜Pansamantal na hakbang para sa mga sambahayang may biglaang pagbabago sa kabuhayan.＞

Kahit na hindi kayo naaprubahan sa karaniwang pagsusuri, maaaring maaprubahan pa rin kayo kung ang inyong sambahayan ay nakaranas ng biglaang pagbaba ng kita sa taong 2025 dahil sa iba't ibang kadahilanan. Para sa mga nais magsumite ng aplikasyon para sa biglaang pagbabago sa kabuhayan, mangyaring kumonsulta sa pampublikong elementaryang paaralan kung saan nakatakdang pumasok ang inyong anak, at isumite ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon ng tulong sa pag-aaral, kalakip ang mga dokumentong nagpapatunay ng biglaang pagbabago sa kabuhayan, hanggang Nobyembre 17, 2025 (Lunes). Paalala lamang na kung may kakulangan sa mga dokumento o kung huli ang pagsusumite, maaaring hindi maibigay ang tulong bago ang pagpasok sa paaralan.

**●Nilalaman ng Tulong sa Pag-aaral** (Ang iskedyul ng pagbibigay ay gabay lamang. Depende sa petsa ng aplikasyon, maaaring may mga gastusing hindi maisama sa saklaw ng tulong o maaaring maantala ang pagbibigay nito)

※Ang mga uri ng tulong at halaga ng ibibigay ay batay sa taong 2025, at maaaring magbago depende sa mga susunod na patakaran o pagbabago sa badyet.

| Nilalaman ng Tulong | | Halaga ng Tulong (Elementarya) | Halaga ng Tulong (Junior High School) | Panahon ng Pagbibigay |
|---|---|---|---|---|
| ①Gastos para sa mga gamit sa pag-aaral, gamit sa pagpasok sa paaralan, at mga aktibidad sa labas ng paaralan (pamasahe para sa field trip at bayad sa pagbisita)【Tala 1】 | Unang Semestre | Grade 1 ¥6,670<br>Grade 2～6 ¥7,805 | 1st year ¥12,530<br>2nd – 3rd year ¥13,665 | bandang Hulyo, ayon sa pangangailangan |
| | Pangalawa ng Semestre | Pareho sa taas | Pareho sa taas | bandang Disyembre, ayon sa pangangailangan |
| ②Gastos para mga aktibidad sa labas ng paaralan (yaong may kasamang pananatili sa mga lugar tulad ng Hanase Yama no Ie) | | Aktuwal na gastos (may ilang gastusing hindi saklaw) | | bandang Setyembre, ayon sa pangangailangan |
| ③Gastos para gamit sa praktikal na pisikal na edukasyon (Ski, iskeyt, kendo, judo) | | Aktuwal na gastos para sa mga gamit sa klase na kailangang bilhin ng lahat<br>(may limitasyon depende sa uri at halaga sa Elementarya at Junior High School) | | bandang Nobyembre, ayon sa pangangailangan |
| ④Gastos para mga gamit sa paaralan ng bagong pasok na estudyante (Para lamang sa mga bagong Grade 1 na kinikilala bago ang pasukan at noong Abril) | | ¥57,060 | ¥63,000 | (Pag-aapply bago ang pasukan)<br>Mula sa umpisa hanggang kalagitnaan ng Marso<br>(Pag-aapply pagkatapos ng pasukan)<br>bandang Mayo, ayon sa pangangailangan |
| ⑤Bayad sa pagkain sa paaralan | | Ang bayad ay direktang ibinabayad ng Lungsod ng Kyoto sa paaralan at sa tagapagbigay ng pagkain, kaya't walang gastos sa mga magulang. | | |
| ⑥Gastos sa pagpasok sa paaralan (may kondisyon sa distansya) | | Aktuwal na gastos (may takdang limitasyon sa halaga) | | Tatlong beses sa isang taon |
| ⑦Gastos para sa educational field trip (Tingnan ang Tala 2) | | Sa loob ng ¥22,690 | Sa loob ng ¥57,910 | bandang Setyembre, ayon sa pangangailangan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ⑧Gastos para medikal na tulong | Kapag magpapatingin sa doktor, kailangang dalhin ang "Medical Coupon"; kung ang sakit ay kabilang sa saklaw—tulad ng sira sa ngipin (para sa mga nasa sekondarya), chronic sinusitis, adenoid, impeksyon sa gitnang tainga, trachoma, conjunctivitis, ringworm, galis, impetigo, at mga sakit na dulot ng parasitiko—ang Lungsod ng Kyoto ang direktang magbabayad sa institusyong medikal kaya't walang gastos sa mga magulang. Siguraduhing makipag-ugnayan muna sa paaralan bago magpatingin. | | |
| ⑨Bayad para sa mutual aid insurance ng Japan Sports Promotion Center laban sa mga sakuna | Walang bayad (direktang binabayaran ng Lungsod ng Kyoto sa Japan Sports Promotion Center) | | |
| ⑩Gastos sa paggawa ng talaan para sa pamamahala ng buhay sa paaralan (para sa allergy sa pagkain) at iba pa 【Tala 3】 | Tanging sa elementarya lamang ang aktwal na gastos (hanggang ¥3,300) | | bandang Setyembre, ayon sa pangangailangan |
| ⑪Gastos para sa graduation album | Aktuwal na gastos（hanggang ¥11,000） | Aktuwal na gastos（hanggang ¥10,000） | bandang Marso, ayon sa pangangailangan |

【Tala 1】Para sa tumatanggap ng tulong sa edukasyon, saklaw ang gastos sa aktibidad sa labas ng paaralan (Elementarya: 1,710 yen; Junior High: 2,330 yen, ipinamamahagi mula Disyembre) at item ⑦–⑨.

【Tala 2】Kung gagamit ng eroplano sa school trip ng junior high school, hanggang 60,910 yen ang saklaw.

【Tala 3】Kailangan ang resibo mula sa institusyong medikal para sa tulong. Hindi saklaw ang bayad sa pagsusuri, diagnosis, o pagbibigay ng medikal na impormasyon.

Ang bayad para sa pagsusuri, bayad sa diagnosis, at bayad sa pagbibigay ng impormasyon ukol sa medikal na pagsusuri ay hindi saklaw ng tulong.

**Pamamaraang Pagsusuri para sa Biglaang Pagbabago sa Kabuhayan (Pansamantalang Hakbang) - Taong 2025**

・Mula Enero 2025 pataas, kailangang magsumite ng lahat ng dokumentong nagpapakita ng kalagayan ng kita, gaya ng kopya ng tatlong magkakasunod na buwang payslip o talaan ng kita mula sa negosyo. (Sa prinsipyo, ito ay kinakailangan mula sa lahat ng miyembro ng sambahayan na may kita.)

・Batay sa mga isinumiteng dokumento, kakalkulahin ang inaasahang taunang kita o kabuuang kita ng sambahayan, at kung ito ay mas mababa sa itinakdang pamantayan, maaprubahan ang aplikasyon.

・Sa kaso ng pagkawala ng trabaho o pagsasara ng negosyo, ang mga buwang walang kita ay ituturing na may "zero" na kita sa kalkulasyon.

※Kapag magsusumite ng aplikasyon, bukod sa "Form ng Aplikasyon," kinakailangan ding pumuno at magsumite ng mga dokumento ayon sa kalagayan ng kita, gaya ng "Pahayag ng Kita" o "Pahayag ng Walang Trabaho/Walang Kita," pati na rin ang mga dokumentong nagpapatunay. Para sa mga apektado, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.

Para sa mga magulang ng mga batang papasok sa pampublikong elementarya ng Lungsod ng Kyoto

# Abiso ukol sa Sistema ng Tulong sa Pag-aaral para sa Taong 2026 (Para sa mga bagong papasok bago ang pag-enroll)

Sa Lungsod ng Kyoto, mayroong sistema ng tulong sa pag-aaral para sa mga magulang na nahihirapan sa aspetong pinansyal kaugnay sa pagpasok ng kanilang mga anak sa pampublikong elementarya o junior high school. Ang sistemang ito ay nagbibigay ng suporta para sa mga gastusin sa gamit sa pag-aaral, pagkain sa paaralan, at iba pa.
Para sa mga nais mag-apply ng tulong sa pag-aaral, **mangyaring dalhin ang form ng aplikasyon sa pampublikong elementaryang paaralan kung saan nakatakdang pumasok ang inyong anak bago o sa Nobyembre 17, 2025 (Lunes)**. Ang mga magulang na magsusumite ng aplikasyon ngayon ay hindi na kailangang mag-apply muli pagkatapos ng pasukan.
※ Kung hindi maipasa ang aplikasyon sa takdang araw dahil sa lagnat o iba pang karamdaman, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan sa pamamagitan ng telepono upang kumonsulta.

## 1　Maagang Pagbibigay ng "Gamit sa Pag-aaral para sa Bagong Mag-aaral"

Upang magamit sa pagbili ng mga gamit sa pag-aaral sa panahon ng pagpasok, ang "Tulong para sa Gamit ng Bagong Mag-aaral" ay ibinibigay bago ang pasukan.
Maaaring mag-apply kahit pagkatapos ng pasukan, ngunit ang pagbibigay ng tulong ay magsisimula pagkatapos ng Mayo.Kung hindi makapag-apply bago o sa Mayo 15, hindi maibibigay ang tulong para sa gamit ng bagong mag-aaral.

**Halaga ng tulong: 57,060 yen (para sa taong 2025)**
**Petsa ng pagbibigay: Maagang bahagi hanggang kalagitnaan ng Marso 2026 (plano)**

Kung sakaling tumutugma sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon ① o ②, hindi ka kwalipikado para sa "Tulong para sa Gamitt ng Ba Mag-aaral," kaya huwag mag-apply bago ang pasukan. Kung sakaling makatanggap ng tulong kahit hindi kwalipikado, kailangan itong isauli matatanggap na tulong.
① Mga tumatanggap ng kaparehong tulong mula sa ibang sistema (hal. tulong sa paghahanda sa pagpasok mula sa sistemang pangkabuhayan, foster parent, o tulong mula sa mga pasilidad para sa ina at anak)
② Mga batang hindi papasok sa pampublikong elementarya sa Lungsod ng Kyoto dahil sa paglipat sa ibang lungsod o pagpasok sa pribado, pamba o paaralang may espesyal na suporta

## 2　Mga Maaaring Tumanggap ng Tulong sa Pag-aaral

**(Talahanayan 1)** Mga taong pasado sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon mula ①-⑥

| Dahilan ng Aplikasyon | Mga Kailangang Dokumento para sa Aplikasyon |
|---|---|
| Mga Maaaring Tumanggap ng Tulong sa Pag-aaral:<br>①Mga tumatanggap ng tulong sa edukasyon sa ilalim ng sistemang pangkabuhayan<br>②Mga hindi tumatanggap ng tulong sa edukasyon kahit nasa ilalim ng sistemang pangkabuhayan | **Hindi saklaw ang pagbibigay ng tulong bago ang pasukan. Mangyaring mag-apply para sa tulong sa pag-aaral pagkatapos ng pasukan.** |
| ③ Mga nawalan ng benepisyo mula sa sistemang pangkabuhayan simula Abril 1, 2025 (maliban sa mga kaso ng pagbabago sa sambahayan) | ・Form ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral (Form A)<br>・Pahayag ng My Number kaugnay ng tulong sa pag-aaral (※3)<br>**・Kopya ng passbook o dokumento na nagpapakita ng impormasyon sa bank account(Mangyaring kumpirmahin sa paaralan ang itinalagang bangko)**<br>・ Dokumento na nagpapatunay ng My Number ng aplikante(ipapakita lamang, hindi kailangang isumite) (※4) |
| ④Mga tumatanggap ng "Child Rearing Allowance" ※1 | |
| ⑤ Mga nasa mahirap na kalagayang pinansyal na nahihirapan sa pagpapaaral ng anak (may mga kondisyon sa kita) (※2) | |
| ⑥Mga may espesyal na kalagayan (hal. sunog, lindol, pagbaha, o iba pang hindi inaasahang sakuna o aksidente) | Mangyaring kumonsulta sa paaralan. |

Para sa mga aplikanteng tumutugma sa mga nabanggit na kondisyon sa itaas, kinakailangang magsumite ng My Number at isasagawa ang pagsusuri ng kita para sa pag-apruba.

※1 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, kung tumatanggap ng "Child Rearing Allowance," maaari pa ring maaprubahan. Mangyaring magsumite ng kopya ng sertipiko ng pagtanggap ng nasabing allowance.

※2 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, maaaring maaprubahan kung may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal sa kalagitnaan ng taon gaya ng pagbagsak ng kita, pagkawala ng trabaho, o pagsasara ng negosyo. Kung sakaling tumutugma, mangyaring kumonsulta sa paaralan.

※3 Para sa mga walang rehistradong tirahan sa Lungsod ng Kyoto noong Enero 1, 2025, o kahit may rehistro ngunit binubuwisan sa ibang lungsod, hindi maisasagawa ang pagsusuri ng kita. Sa ganitong kaso, mangyaring magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumento na inisyu ng pampublikong ahensya:
・Sertipiko ng buwis para sa taong 2025 (inilalabas ng city/municipal hall ng tirahan noong Enero 1, 2025; sa Lungsod ng Kyoto, kailangang kumuha ng "kompletong sertipikasyon" mula sa ward office, may bayad)
・Abiso ng desisyon/pagbabago sa halaga ng espesyal na withholding tax para sa taong 2025

(ipinapamahagi ng employer sa paligid ng Hunyo)

・Abiso ng pagbabayad ng resident tax para sa taong 2025 (ipinapadala ng city/municipal hall sa mga self-employed sa paligid ng Hunyo)

※4 Mangyaring ipakita ang dokumento na nagpapatunay ng My Number sa oras ng aplikasyon. Ibabalik ito kaagad pagkatapos ng beripikasyon.

**Halimbawa ng My Number Card**




**Halimbawa ng Notification Card**




※ Ang dokumentong nagpapatunay ng My Number ay kinakailangan **para lamang sa isang aplikante (magulang)**.
※ Kung walang dokumentong nagpapatunay ng My Number, mangyaring ipakita ang **Sertipiko ng Impormasyon sa Rehistradong Tirahan (na may My Number)** na inisyu ng ward office o katumbas na ahensya.
※ Ang Notification Card ay **tinatanggap lamang kung ang nakasulat na pangalan, address, at iba pang detalye ay tumutugma sa nakasaad sa rehistradong tirahan (residence certificate)**

## ３　Halaga ng Batayan sa Kita (para sa pag-apruba batay sa mga Dahilan ng Aplikasyon ③-⑤ sa Talahanayan 1)

Kung ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan (maliban sa mga kinikilalang dependent at mga nasa unang taon ng senior high school o mas bata pa) ay mas mababa o katumbas ng pinagsamang halaga ng batayang limitasyon sa kita at mga karagdagang item, maaaring makatanggap ng tulong sa pag-aaral.

**(Talahanayan 2)** Halaga ng Batayan sa Kita

| Bilang ng sambahayan | ＜Pamantayan ng kita＞ |
|---|---|
| 2 katao | 1,820,200 yen |
| 3 katao | 2,331,200 yen |
| 4 na katao | 2,792,700 yen |
| 5 katao | 3,219,200 yen |
| 6 na katao | 3,573,600 yen |
| 7 katao pataas | Magdagdag ng ¥354,400 para sa bawat karagdagang miyembro ng sambahayan |

**(Talahanayan 3)** Karagdagang item

Kung may alinman sa mga sumusunod na kalagayan, maaaring magdagdag ng ¥230,000 sa bawat item o bawat tao sa kaliwang talahanayan ng **Batayan sa Kita**. Ang edad nakabatay sa petsang Abril 1, 2026. <u>Kung kinakailangan ang pagdagdag para sa pag-apruba, ang paaralan ang magbibigay ng abiso para sa pagsusumite ng mga dokumentong patunay. Mangyaring huwag magsumite ng dokumento hangga't hindi hinihingi ng paaralan.</u>

| | |
|---|---|
| (a) Buntis → | Kinakailangan ang **kopya ng Maternal and Child Health Handbook** bilang patunay |
| (b) Babaeng bagong panganak (sa loob ng 6 na buwan matapos manganak) → | Kinakailangan ang **kopya ng Maternal and Child Health Handbook** bilang patunay |
| (c) Matatanda (edad 70 pataas) → | Para sa mga ipinanganak **bago Abril 1, 1956 (Showa 31)** |
| (d) Pamilyang binubuo ng ina o ama lamang at anak | |
| (e) Taong may kapansanan → (Taglay ang Physical Disability Certificate antas 1-3, Mental Disability Certificate antas 1 o 2, o katumbas ng A-level sa Rehabilitation Certificate) | Kinakailangan ang **kopya ng certificate o katumbas na dokumento** bilang patuna |
| (f) Taong naka-confine sa ospital o nasa bahay para sa pangmatagalang gamutan → (Nasa paggamot nang higit sa 3 buwan) | Kinakailangan ang **medical certificate (diagnosis)** bilang patunay. |
| (g) Pamilyang may 3 o higit pang anak na wala pang 22 taong gulang → (Dagdag na ¥230,000 para sa bawat anak mula sa ikatlong anak pataas na wala pang 22 taong gulang) | Para sa mga ipinanganak **pagkatapos ng Abril 2, 2004** |

Kahulugan ng “Sambahayan”

●Kahit nakahiwalay ang sambahayan sa resident certificate, ang mga taong aktwal na magkasamang naninirahan (kabilang ang mga nasa two-family housing o nakatira sa magkahiwalay na gusali sa parehong address) ay itinuturing na may iisang kabuhayan. Sa bahagi ng aplikasyon na “Kalagayan ng Sambahayan,” isulat ang lahat ng taong nakatira sa iisang tirahan. Kahit ang magulang ay nakahiwalay ng tirahan dahil sa trabaho (hal. solo assignment) o iba pang dahilan, kung may umiiral na relasyon sa pag-aasawa, itinuturing pa rin silang may iisang kabuhayan.
Kaya’t isama rin sila sa “Kalagayan ng Sambahayan” sa aplikasyon.

●Para sa mga may hiwalay na magulang na kasalukuyang nasa proseso ng diborsyo o negosasyon, kung makakapagpasa ng kopya ng dokumentong nagpapatunay ng sitwasyon (hal. petisyon para sa diborsyo mula sa hukuman, o sertipikasyon na may kinuhang abogado para sa diborsyo), maaaring ituring ang hiwalay na magulang bilang hiwalay na sambahayan. Kung ikaw ay kabilang sa ganitong sitwasyon, mangyaring kumonsulta sa paaralan. Kung walang dokumentong nagpapatunay ng proseso ng diborsyo, itatrato ang hiwalay na magulang bilang bahagi pa rin ng iisang kabuhayan (sambahayan).

Tungkol sa Halaga ng Batayan sa Kita at Kita

●Ang halaga ng batayan sa kita ay para sa taong 2025. Kung magkakaroon ng pagbabago sa batayan ng kita o iba pang kaugnay na impormasyon, ito ay ia-anunsyo sa opisyal na website ng Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto para sa tulong sa pag-aaral.

●Para sa pagtutugma ng kita ng sambahayan sa itinakdang batayan sa kita, gamitin bilang sanggunian ang “Halaga pagkatapos ng deduction sa kita mula sa suweldo” sa Withholding Tax Certificate o ang “Kabuuang halaga ng kita” sa Income Tax Return.

●Dahil sa pagbabago sa sistema ng buwis, ang “Salary Income Deduction” at “Public Pension Deduction” ay ibinaba ng ¥100,000. Para sa kita sa taong 2024, isasagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagbawas ng hanggang ¥100,000 mula sa kita ng aplikante upang hindi maapektuhan ng nasabing pagbabago.

**Halimbawa ng Pag-apruba** (Kung ang sambahayan ay binubuo ng ama, ina, isang mag-aaral sa ikatlong baitang ng elementarya, at isang 3 taong gulang na nasa kindergarten, at ang ina ay buntis)

<Batayan sa Kita>
(Sanggunian: Talahanayan 2)
¥2,792,700
(Para sa sambahayang may 4 na miyembro)

＋

<Karagdagang Item>
(Sanggunian: Talahanayan 3)
¥230,000
(Dagdag dahil sa pagiging buntis)

≧

Kung ang kabuuang halaga ng kita ng sambahayan ay ¥3,022,700 o mas mababa, maaari kayong tumanggap ng tulong sa pag-aaral

4　Tungkol sa Pag-apruba

Ang pagsusuri para sa pag-apruba ay batay sa taunang kita na naaayon sa petsa ng aplikasyon. Ang panahon ng pag-apruba ay ang mga sumusunod.

| Petsa ng Aplikasyon | Taunang Kita ng Sambahayan na Batayan sa Pagsusuri | Panahon ng Pag-apruba |
| --- | --- | --- |
| Bago pasukan hanggang Mayo 15 | Kita para sa Taong 2024 | Abril 1, 2026 hanggang Hunyo 30, 2026 |
| Mayo 16 hanggang Hunyo 30 | | Mula ika-1 ng buwan ng aplikasyon hanggang Hunyo 30,2026 |
| Hulyo 1 hanggang Marso 31, 2027 | Kita para sa Taong 2025 | Mula ika-1 ng buwan ng aplikasyon hanggang Hunyo 30,2027 |

※　Ang petsa ng aplikasyon ay hindi kasama ang Sabado, Linggo, mga pampublikong pista opisyal, at iba pang araw na walang pasok sa paaralan.

※　Ang kasalukuyang aplikasyon ay sasailalim sa pagsusuri para sa paunang pagbibigay ng tulong para sa mga gamit sa pag-aaral ng mga bagong papasok na mag-aaral at para sa pag-apruba mula Abril 1, 2026 hanggang Hunyo 30, 2026. Ang pag-apruba mula Hulyo pataas ay muling susuriin sa Hunyo ng taong 2026 batay sa kita ng taong 2025.

## 5　Nilalaman ng Tulong sa Pag-aaral

Ang mga nilalaman ng tulong na ibinibigay ay batay sa taong 2025 at maaaring magbago.
Ang panahon ng pagbibigay ay gabay lamang, at maaaring hindi maisama sa benepisyo o maantala ang pagbibigay depende sa petsa ng aplikasyon.

(Talahanayan 4)

| Nilalaman ng Tulong | | Halaga ng Tulong (Elementarya) | Halaga ng Tulong (Junior High School) | Panahon ng Pagbibigay |
|---|---|---|---|---|
| ①Gastos para sa mga gamit sa pag-aaral, gamit sa pagpasok sa paaralan, at mga aktibidad sa labas ng paaralan (pamasahe para sa field trip at bayad sa pagbisita)【Tala 1】 | Unang Semestre | Grade 1　¥6,670<br>Grade 2～ ¥67,805 | 1st year ¥12,530<br>2nd - 3rd year ¥13,665 | bandang Hulyo, ayon sa pangangailangan |
| | Pangalawang Semestre | Pareho sa taas | Pareho sa taas | bandang Disyembre, ayon sa pangangailangan |
| ②Gastos para mga aktibidad sa labas ng paaralan (yaong may kasamang pananatili sa mga lugar tulad ng Hanase Yama no Ie) | | Aktuwal na gastos (may ilang gastusing hindi saklaw) | | bandang Setyembre, ayon sa pangangailangan |
| ③Gastos para gamit sa praktikal na pisikal na edukasyon (Ski, iskeyt, kendo, judo) | | Aktuwal na gastos para sa mga gamit sa klase na kailangang bilhin ng lahat<br>(may limitasyon depende sa uri at halaga sa Elementarya at Junior High School) | | bandang Nobyembre, ayon sa pangangailangan |
| ④Gastos para mga gamit sa paaralan ng bagong pasok na estudyante<br>(Para lamang sa mga bagong Grade 1 na kinikilala bago ang pasukan at noong Abril) | | ¥57,060 | ¥63,000 | (Pag-aapply bago ang pasukan)<br>Mula sa umpisa hanggang kalagitnaan ng Marso<br><br>(Pag-aapply pagkatapos ng pasukan)<br>bandang Mayo, ayon sa pangangailangan |
| ⑤Bayad sa pagkain sa paaralan | | Ang bayad ay direktang ibinabayad ng Lungsod ng Kyoto sa paaralan at sa tagapagbigay ng pagkain, kaya't walang gastos sa mga magulang. | | |
| ⑥Gastos sa pagpasok sa paaralan (may kondisyon sa distansya) | | Aktuwal na gastos (may takdang limitasyon sa halaga) | | Tatlong beses sa isang taon |
| ⑦Gastos para sa educational field trip (Tingnan ang Tala 2) | | Sa loob ng ¥22,690 | Sa loob ng ¥57,910 | BandangSetyembre, ayonsapangangailangan |
| ⑧Gastos para medikal na tulong | | Kapag magpapatingin sa doktor, kailangang dalhin ang "Medical Coupon"; kung ang sakit ay kabilang sa saklaw—tulad ng sira sa ngipin (para sa mga nasa sekondarya), chronic sinusitis, adenoid, impeksyon sa gitnang tainga, trachoma, conjunctivitis, ringworm, galis, impetigo, at mga sakit na dulot ng parasitiko—ang Lungsod ng Kyoto ang direktang magbabayad sa institusyong medikal kaya't walang gastos sa mga magulang. Siguraduhing makipag-ugnayan muna sa paaralan bago magpatingin. | | |
| ⑨Bayad para sa mutual aid insurance ng Japan Sports Promotion Center laban sa mga sakuna | | Walang bayad (direktang binabayaran ng Lungsod ng Kyoto sa Japan Sports Promotion Center) | | |
| ⑩Gastos sa paggawa ng talaan para sa pamamahala ng buhay sa paaralan (para sa allergy sa pagkain) at iba pa　【Tala 3】 | | Tanging sa elementarya lamang ang aktwal na gastos (hanggang ¥3,300) | | bandang Setyembre, ayon sa pangangailangan |
| ⑪Gastos para sa graduation album | | Aktuwal na gastos (hanggang ¥11,000) | Aktuwal na gastos (hanggang ¥10,000) | bandang Marso, ayon sa pangangailangan |

【Tala 1】Para sa tumatanggap ng tulong sa edukasyon, saklaw ang gastos sa aktibidad sa labas ng paaralan (Elementarya: 1,710 yen; Junior High: 2,330 yen, ipinamamahagi mula Disyembre) at item ⑦-⑨.
【Tala 2】Kung gagamit ng eroplano sa school trip ng junior high school, hanggang 60,910 yen ang saklaw.
【Tala 3】Kailangan ang resibo mula sa institusyong medikal para sa tulong. Hindi saklaw ang bayad sa pagsusuri, diagnosis, o pagbibigay ng medikal na impormasyon.
※ Kung may hindi nabayarang school deposit, maaaring ilipat ang tulong sa account ng paaralan.

## Paalala: Kung may pagbabago sa sambahayan, tiyaking makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng tulong sa pag-aaral sa paaralan.

Kung may pagbabago sa sambahayan habang nasa proseso ng aplikasyon o pagkatapos maaprubahan ang tulong sa pag-aaral, tiyaking agad ipagbigay-alam ito sa paaralan. (Halimbawa ng pagbabago: kasal, diborsyo, o hiwalay ng isang taong nakasulat sa seksyong "Kalagayan ng Sambahayan" sa form ng aplikasyon, o pagsasama ng isang taong hindi nakasulat sa seksyong iyon.)

## Mga Madalas Itanong (FAQ)

Ｑ１. Nag-apply ako para sa tulong sa pag-aaral bago pumasok sa paaralan. Kailangan ko bang magsumite muli ng aplikasyon pagkatapos ng enrollment?
Ａ１. Kung nakapag-apply na bago ang pagpasok sa paaralan, hindi na kailangang mag-apply muli pagkatapos ng enrollment. Gayunman, kung may pagbabago sa kalagayan ng sambahayan mula sa oras ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa paaralan.

Ｑ２. Ang nakatatandang kapatid sa Grade 5 ay tumatanggap na ng tulong sa pag-aaral. Kailangan pa bang magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid na bagong Grade 1?
Ａ２. Oo, kailangan pa rin. Ang form ng aplikasyon ay kinakailangang isa bawat bata, kaya mangyaring magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid.

Ｑ３. Bakit kailangang isumite ang My Number?
Ａ３. Sa paggamit ng My Number, maaaring kumpirmahin ang halaga ng kita at iba pang impormasyon kaya hindi na kailangang magsumite ng mga sertipiko. Kapag nakapagsumite na ng My Number, hindi na kailangang magsumite muli maliban na lang kung may pagbabago sa sambahayan na magdudulot ng pagdagdag ng mga taong kailangang beripikahin ang kita (edad 16 pataas).

Q4. Nakatira ang mga lolo't lola (kamag-anak) sa isang bahay na may dalawang sambahayan, ngunit hiwalay ang rehistro ng sambahayan. Kailangan bang isama sila sa sambahayan?
A4. Kahit hiwalay ang rehistro ng sambahayan, kung nakatira sa iisang bahay na may dalawang sambahayan o sa magkahiwalay na gusali sa parehong lote, karaniwang itinuturing na iisang sambahayan.
Gayunman, kung hiwalay ang kontrata sa kuryente, tubig, at iba pang utility, maaaring ituring na magkahiwalay na sambahayan. Mangyaring kumonsulta sa paaralan para sa detalye.

Ｑ５. Kailangan bang maghanda ng dokumento para sa My Number ng lahat ng miyembro ng sambahayan?
Ａ５. Ang dokumentong nagpapatunay ng My Number ay kailangan lamang para sa isang tao－ang aplikante (magulang o tagapag-alaga). Para sa My Number ng ibang miyembro ng sambahayan, ang aplikante ang dapat mag-check kung may mali sa pagkakasulat.

Ｑ６. Lumampas ang kita noong 2024 sa itinakdang limitasyon, ngunit inaasahang papaloob ito sa limitasyon sa 2025. Maibibigay ba ang tulong para sa mga gamit sa pagpasok sa paaralan?
Ａ６. Kung ang kita noong 2024 ay lumampas sa itinakdang limitasyon, hindi maibibigay ang tulong para sa mga gamit sa pagpasok sa paaralan.
Gayunman, kahit lumampas ang kita noong 2024, may mga kaso kung saan maaaring maaprubahan ang tulong kung nagkaroon ng biglaang pagbabago sa kalagayan ng kabuhayan ng sambahayan sa 2025. Mangyaring kumonsulta sa paaralan para sa karagdagang impormasyon.

Ｑ７. Ako ay kwalipikado para sa espesyal na bawas sa buwis bilang asawa. Paano itinuturing ang aking kita?
Ａ７. Ang kita ng taong kwalipikado para sa espesyal na bawas bilang asawa ay isinasama sa kabuuang kita ng sambahayan.

Ｑ８. Bumaba nang malaki ang aking kita. Maaari ba akong makatanggap ng tulong para sa pag-aaral?
Ａ８. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng dokumentong nagpapakita ng pagbawas sa kita, maaaring maaprubahan ang tulong sa ilalim ng pansamantalang hakbang para sa biglaang pagbabago sa kabuhayan. Mangyaring kumonsulta sa paaralan.

Ｑ９. Ayokong malaman ito ng ibang magulang o ng mga kaibigan ng aking anak.
Ａ９. Hindi lamang ang pagsumite ng aplikasyon, kundi pati ang resulta ng pagsusuri at pagtanggap ng tulong ay hindi ipinaaalam sa ibang tao.

Para sa mga katanungan

○Tungkol sa sistema
Kyoto Itsudemo Call
（TEL 661-3755）（ＦＡＸ 661-5855）
Buong taon mula 8:00 ng umaga hanggang 9:00 ng gabi. Mangyaring mag-ingat sa pagdayal ng numero.
○Indibidwal na konsultasyon tungkol sa aplikasyon
Mangyaring kumonsulta sa pampublikong elementaryang paaralan kung saan nakatakdang pumasok ang inyong anak。

ung hindi na kailangan, itapon bilang "halo-halong papel" para sa recycling.

# Aplikasyon para sa Tulong sa Pag-aaral (Bago Pumasok)

Form A

| Numero ng Paaralan | |
|---|---|
| Petsa ng pag-fill out | |

※Pakisulat lamang sa loob ng makapal na guhit. Ang bahagi na may shading ay sasagutan ng paaralan.

| | | |
|---|---|---|
| Para sa Direktor ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto:<br>Sumasang-ayon ako sa nilalaman ng pahinang likod ng pahintulot at kasunduan, at ako ay nagsusumite ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral ayon sa mga sumusunod. | Teleponong gamit sa araw | – – |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nag-aaplay (Magulang/Tagapag-alaga) | Address | (Postal Code ー ) City Ward | | |
| | Pangalan | Furigana | | **Dahilan ng aplikasyon (bilugan ang angkop na numero)**<br>1 Tumanggap ng tulong sa edukasyon<br>2 Tumanggap ng tulong sa kabuhayan (hindi kasama ang tulong sa edukasyon)<br>3 Itinigil o inalis ang tulong sa kabuhayan<br>4 Pagtanggap ng Tulong para sa Pagpapaalaga ng Bata (Jidō Fuyō Teate)<br>5 Hirap sa pag-aaral dahil sa kalagayang pinansyal<br>6 Para sa iba pang natatanging kalagayan<br>※Para sa mga tumatanggap ng tulong mula sa pampublikong suporta (seikatsu hogo), mag-apply pagkatapos ng pagpasok sa paaralan. |
| | | Apelyido | Pangalan | |
| Relasyon sa Bata | | Kalagayan ng Asawa ng Magulang na Nagsumite ng Aplikasyon | ☐ Mayroon (☐ Kasama sa Bahay・☐ Magkaiba ng Tirahan) ☐ Wala | |

Kalagayan ng Sambahayan ※Siguraduhing basahin muna ang abiso para sa "Tulong sa Pag-aaral (Bago ang Pagpasok)" ng Taong 2026 bago punan.

Kahit hiwalay sa resident record, isama ang lahat ng taong aktwal na nakatira sa iisang tirahan (kasama ang mga nasa parehong address pero ibang gusali). Ang mga magulang na hiwalay ng tirahan dahil sa trabaho o ibang dahilan ay itinuturing na kabilang sa parehong kabuhayan kung kasal pa rin. Kung may hiwalay na magulang na nasa proseso ng diborsyo, maaaring ituring silang hiwalay na sambahayan kung may dokumentong nagpapatunay—kumonsulta sa paaralan. Kung walang dokumento, ituturing silang kabilang sa parehong kabuhayan.

| | Relasyon mula sa pananaw ng bata | Buong Pangalan | | Petsa ng Kaarawan | (Para lamang sa Elementarya at Junior High School) Pangalan ng Paaralan・Baitang・Klase | Bahagi na pupunan ng Paaralan: Opisyal na Sertipikong | My Number | Kinikilalang Dependent: 6 taon | Kinikilalang Dependent: 7 taon | Katumbas sa ika-10 na Baitang o mas mababa pa / Ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2010 | Halaga ng Kita ※Para sa mga kailangang i-adjust ang kita batay sa opisyal na sertipiko, ilagay ang halagang na-adjust na. 6 na taon | Halaga ng Kita: 7 taon |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Mismong ang bata | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | (Ang Papasukan na Paar<br>Paaralan | | | | | | | |
| 2 | Nag-aapply | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 3 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 4 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 5 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 6 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 7 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |
| 8 | | Furigana<br>Apelyido | Pangalan | Taon<br>Buwan<br>Araw | Paaralan<br>Baitang Seksiyon | | | | | | | |

※Kung kulang ang espasyo sa pagsagot, ipagpatuloy sa ikalawang pahina at mga susunod pa. (Sa mga karagdagang pahina, sa

| Mga Item ng Karagdagang Halaga sa Batayang Halaga (kung kinakailangan ang dagdag batay | Bilang ng karagdagan | Kabuuang Halaga ng Kita ng Sambahayan | | |
|---|---|---|---|---|
| (a) Buntis | | Batayang Halaga ng Kita ng Sambahayan ① | 2 katao ¥1,820,200 3 katao ¥2,331,200<br>4 katao ¥2,792,700 5 katao ¥3,219,200<br>6 katao ¥3,573,600 7 katao o higit pa (¥ ) | |
| (b) Babaeng bagong panganak (sa loob ng 6 na buwan matapos manganak) | | | | |
| (c) Matatanda (edad 70 pataas) | | | | |
| (d) Pamilyang binubuo ng ina o ama lamang at anak | | Kabuuang halaga ng Karagdagang Bayad | (Total ng Bilang ng Karagdagan ×230,000)<br>¥ | |
| (e) Taong may kapansanan (Taglay ang Physical Disability Certificate antas 1–3, Mental Disability Certificate antas 1 o 2, o katumbas ng A-level sa Rehabilitation Certificate) | | | | |
| (f) Taong naka-confine sa ospital o nasa bahay para sa pangmatagalang gamutan | | Itinakdang Batayang Halaga ①+② | ¥ | |
| (g) Pamilyang may 3 o higit pang anak na wala pang 22 taong gulang (Para sa mga ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2004) | | | | |
| ※ Ibawas ang 2 mula sa bilang ng mga taong wala pang 22 taong gulang. | Total | | | |

| **Petsa ng Aplikasyon** (punan kung nasa ilalim ng kategoryang protektado) | Taon Buwan Araw | **Petsa ng Pagsusumite sa Departamento ng** | Taon Buwan Araw | **Petsa ng Pagkansela** | Taon Buwan Araw | **Bilang ng mga Miyembro ng Sambahayan** | **katao** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|

| (Pagkilala 1) Abril hanggang Hunyo | (Pagkilala 2) Hulyo hanggang Hunyo ng sumunod na taon | Tala |
|---|---|---|
| Magpapasya kung ang bata ay kikilalanin bilang nangangailangan ng proteksyon o bahagyang nangangailangan ng proteksyon, o kung hindi kikilalanin bilang ganito.<br>Numero ng Dahilan ng Pagkilala<br>Petsa ng Pagkilala<br>Petsa ng Desisyon | Magpapasya kung ang bata ay kikilalanin bilang nangangailangan ng proteksyon o bahagyang nangangailangan ng proteksyon, o kung hindi kikilalanin bilang ganito.<br>Numero ng Dahilan ng Pagkilala<br>Petsa ng Pagkilala<br>Petsa ng Desisyon | |
| Punong-guro / Pangalawang Pu / Itinalagang Tauhan | Punong-guro / Pangalawang Pur / Itinalagang Tauhan | |

※Siguraduhing punan din ang likurang bahagi.

## Pormal na Sulat ng Pagkakatiwala at Kasulatan ng Pagsang-ayon

Itinalaga ko ang Punong-Guro ng Paaralang ____ ng Kyoto bilang aking kinatawan upang isagawa ang nasa bilang 1, at ako ay sumasang-ayon sa mga nilalaman ng bilang 2 hanggang 7.

(Kung lilipat sa ibang pampublikong paaralan ng Kyoto o magpapatuloy sa junior high school, ang punong-guro ng paaralang paglilipatan o papasukan ay itatalaga bilang kinatawan.)

### Nilalaman

1　Tungkol sa paghiling, pagtanggap, pagbabayad ng halaga para sa pagbili ng mga gamit, at pagsasauli ng pondong pantulong sa pag-aaral.

2　Para sa mga nabanggit sa itaas, ang kaugnay sa paghiling, pagtanggap, at pagsasauli ng bayad sa pagkain sa paaralan (para lamang sa junior high school) at tulong medikal ay muling ipagkakatiwala sa tagapagpatupad ng pagkain sa paaralan at sa mga institusyong medikal.

3　Kung walang nakasulat na impormasyon ng bank account sa aplikasyon o kung itinuturing ng punong-guro na kinakailangan, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral ay ipapadala sa account ng paaralan at ipagkakaloob mula sa paaralan.

4　Kung may hindi pa nababayarang school deposit, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral ay ipapadala sa account ng paaralan at gagamitin upang bayaran ang hindi pa nababayarang halaga.

5　Kung kinakailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral, ito ay ibabawas mula sa nakarehistrong bank account.

6　Kung ang nakasulat sa aplikasyon ay hindi tumutugma sa katotohanan, kailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral mula sa simula ng pagkakakilala o pagkakaapruba nito.

7　Upang maisagawa ang pagsusuri para sa pagkilala ng karapat-dapat sa tulong-pinansyal sa pag-aaral at upang matiyak kung kwalipikado ang aplikante, ang Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto at ang punong-guro ng paaralan ay magsasagawa ng imbestigasyon batay sa batas hinggil sa paggamit ng mga numero para sa pagkakakilanlan ng indibidwal sa ibang mga lungsod, kabilang ang pagrerepaso ng mga tala sa Basic Resident Register, katayuan ng pagtanggap ng tulong sa kabuhayan, katayuan ng pagtanggap ng child-rearing allowance, at kita ng mga miyembro ng sambahayan.

※Tungkol sa pagsusuri ng kalagayan ng kita ng mga miyembro ng sambahayan (item 7), kung may sinuman sa sambahayan na hindi sumasang-ayon, lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba at magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumento bilang patunay.

□　Hindi isasagawa ang pagsusuri ng impormasyon sa buwis; sa halip, kailangang magsumite ng mga dokumentong nagpapatunay.

＜Mga Patunay na Dokumento＞

・Sertipiko ng Buwis (patunay ng lahat ng item)

・Abiso ng Pagpapasya o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagkolekta ng Buwis

・Abiso ng Pagbabayad ng "Buwis ng Residente"

※　Tungkol sa bayad sa pagkain sa paaralan at tulong-medikal, ang Kyoto City ang direktang magbabayad sa mga tagapagbigay ng pagkain at mga institusyong medikal, kaya't walang kailangang bayaran ang mga magulang.

【Paalala Tungkol sa Account ng Pagsasalin ng Pondo】

Para sa pagsasalin ng pondo ng tulong sa pag-aaral, hinihiling na gamitin ang parehong institusyong pinansyal/bangko gaya ng nakarehistrong “account para sa pondo ng paaralan.” Mangyaring kumpirmahin ang institusyong pinansyal na itinalaga ng paaralang papasukan at isulat ang account sa parehong bangko mula sa listahan sa ibaba. Kung wala kayong account sa nasabing institusyon, maaring magbukas ng bagong account sa parehong institusyong pinansyal/bangko.
Pakisulat ang impormasyon ng bank account kung saan ipapadala ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral.
※Ang “pondo ng paaralan” ay tumutukoy sa perang ipinagkakatiwala ng mga magulang sa paaralan upang gamitin sa mga gastusin tulad ng mga gamit sa pag-aaral, bayad sa educational trips, at iba pang pangangailangan sa loob ng paaralan.

Kyoto Bank　・　Kyoto Chuo Shinkin Bank　・　Kyoto Shinkin Bank　・　JA (Kooperatiba ng Pagsasaka)

| Bank Code | | | | Pangalan ng Bangko | Branch Code | | | Pangalan ng Branch |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | ☐ Bangko<br>☐ Shinyō Kinko<br>☐ Nōkyō | | | | ☐ Main Branch<br>☐ Branch<br>☐ Satellite Office |

| Uri ng Account | Numero ng Account | | | | | | | Pangalan ng May-ari ng Account (Kana) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Regular | | | | | | | | |

| Para sa paaralan − Hindi kailangang punan | | |
|---|---|---|
| Batayan ng Pagkilala | | |

# Deklarasyon ng My Number para sa Tulong-Pinansyal sa Pag-aaral
# (Bagong Aplikasyon Bago ang Pagpasok sa Paaralan)

| Impormasyon ng Mismong Bata | Pangalan ng Bata | | Pangalan ng Paaralan | Petsa ng Kaarawan |
|---|---|---|---|---|
| | Furigana | | | . . |
| | Tirahan | | | |

※ Sa petsang Enero 1, 2025, kung wala kang rehistradong tirahan sa Kyoto City o binubuwisan ka sa ibang lungsod dahil sa trabaho, hindi maisasagawa ang pagsisiyasat sa kita. Mangyaring magsumite ng isa sa mga dokumentong inisyu ng pampublikong ahensya.

- ・2025 Taunang Sertipiko ng Buwis (Inisyu ng city/municipal hall kung saan ka nakarehistro noong Enero 1, 2025 Para sa Kyoto City, kailangang kumuha ng [Sertipikasyon ng Lahat ng Item] mula sa ward office; may bayad)
- ・Abiso ng Desisyon o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagbawas ng Buwis para sa Taong 2025 (Ipinapamahagi ng employer bandang Hunyo)
- ・ Abiso ng Pagbabayad ng Residente Tax para sa Taong 2025 (Para sa mga self-employed; ipinapadala ng city/municipality bandang Hunyo)

Anuman ang pagkakaroon o kawalan ng kita, isulat ang lahat ng miyembro ng parehong sambahayan na nakatala sa seksyong "Kalagayan ng Sambahayan" ng aplikasyon, na ipinanganak noong Abril 1, 2010 o mas maaga, maliban sa mga kinilalang sakop ng dependents.

| Kasulatan ng Pagsang-ayon | Pangalan | Petsa ng Kaarawan | My Number (12 Numero) |
|---|---|---|---|
| Sumasang-ayon ako na siyasatin ng Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto ang aking kita at iba pang kaugnay na impormasyon upang matukoy kung ako ay kwalipikado para sa tulong-pinansyal sa pag-aaral, at isusulat ko ang kinakailangang detalye ayon sa nakasaad sa kanan. | | . . | |
| | | . . | |
| | | . . | |
| | | . . | |
| | | . . | |
| | | . . | |

＜Para sa paaralan lamang＞ **Mangyaring punan**

**Numero ng Paaralan (5 numero)** ______

**Petsa ng pagtanggap ng aplikasyon sa paaralan:** ____ / ____ / ____

Ang kita ay ipapadala ayon sa itinakdang panahon ng pagkilala.